**MAY PAG-ASA PA BA?**
**Isang Pastoral na Liham ng CBCP na Nanawagan para sa Paglalakbay ng Pag-asa sa Taon ng Jubileo 2025**

Minamahal na Bayan ng Diyos,

Sa ika-129 na Plenaryang Pagpupulong ng CBCP, kami, ang inyong mga obispo ay nagsagawa ng sama-samang pagkilatis sa kasalukuyang mga realidad na nakaaapekto sa ating bansa at tinatanong sa mga Pilipino: "May Pag-asa pa ba?"

***"Umaasa laban sa pag-asa"* (cf. Roma 4:18)**

Ating nararanasan ang pagkabigo at pagdurusa sa harap ng mga sumusunod:

- Sa larangan ng moralidad, may nakakabahalang kalituhan, kawalan ng malasakit, kawalang-interes, kawalang-kakayahan, at pagkawala ng kamalayan sa kasalanan

- Sa ekolohiya, patuloy tayong nagdurusa sa epekto ng mga sakuna at trahedya dahil sa mga climate emergencies

- Sa larangan ng ekonomiya, ang pagtaas ng kahirapan, na makikita sa pagtaas ng kawalan ng trabaho at presyo ng mga bilihin; ang mayayaman ay lalong yumayaman, ang mahihirap ay lalong naghihirap, at ang makapangyarihan ay lalong nagiging makapangyarihan

- Sa larangan ng pulitika, ang kahiya-hiyang maling paggamit ng pondo at resources ng bayan; ang mga pagbabago sa pambansang badyet; at ang mga programang kontra-kahirapan na nagtataguyod ng kultura ng patronage at pamamalimos; ang popularidad, dynasty, at patronage ay muling ginagamit, ginagawang negosyo ng pamilya ang pulitika

- Sa larangan ng seguridad at internasyonal na usapin, nanganganib ang ating soberanya at pambansang seguridad

- Sa larangan ng komunikasyon, ang kasinungalingan, maling impormasyon, at disinformation ay ginagamit bilang sandata laban sa katotohanan

- Sa larangan ng pamamahala, nagtataka tayo kung may checks and balances pa ba

"May pag-asa pa nga ba?" Kanino tayo lalapit?

Suriin natin ang ating mga sarili at tahakin ang landas ng personal, institusyonal, at eklesyal na pagbabago upang muling matuklasan ang pag-asa. Ito ang pagkakataong ibinibigay sa atin ng Taon ng Jubileo.

***". . . at ang pag-asa ay hindi nagbibigay ng kabiguan, sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso" (Roma 5:5)***

Sa pinakamadilim at pinakamabigat na kalagayan ng ating bansa, nakikita natin ang Pag-ibig na tumatagos sa kadiliman at nagpapakita ng mga sinag ng pag-asa:

- sa mga lider na may prinsipyong nagtataguyod ng mabuting pamamahala
- sa idealismo ng mga kabataan at responsableng mamamayan na hindi ipinagbibili ang kanilang idealismo at pagmamahal sa bayan
- sa kusang pakikipagtulungan ng mga NGO, civic, at religious organizations sa pamahalaan sa panahon ng mga sakuna at kalamidad
- sa mga lokal na inisyatibo at pagsisikap na magbigay-kapangyarihan sa mga komunidad para sa pagbabago
- sa mga lider sa pamahalaan, relihiyon, uniformed services, at civic organizations, at mga karaniwang manggagawa na tapat sa paglilingkod kahit walang pagkilala o gantimpala
- sa mga responsableng gawain ng negosyo na naglalayong protektahan ang kalikasan at paglingkuran ang mga nangangailangan
- sa mga handang isakripisyo ang kanilang reputasyon, maging ang kanilang buhay, upang labanan ang katiwalian at ipaglaban ang katarungan
- sa diwa ng katatagan ng mga Pilipino, at sa mga naghahandog ng kanilang sarili para sa tapat na paglilingkod

May mali ngunit kasabay nito ay ang panawagan na may magagawa at dapat gawin sa ating mga sarili, sa ating kapwa, at sa ating mga institusyon.

***". . . sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na ipinagkaloob sa atin" (Roma 5:5)***

Nararamdaman natin ang mga sugat ng pagdurusa, ang pagkabahala at tila pagkaparalisa na humihila sa atin patungo sa hukay ng kawalan ng pag-asa. Sa Taon ng Jubileo ng Pag-asa na ito, sama-sama nating pinapahalagahan ang kaloob ng pag-asa na pinasiklab ng Banal na Espiritu. Ang pag-asang ito ay hindi simpleng optimismo o positibong pakiramdam. Ito ay mga kislap ng kaloob na pag-asa na nagmumula sa Banal na Espiritu na nag-uudyok sa atin na kumilos.
Ang anumang pagkilos ng pag-asa ay nagmumula sa Banal na Espiritu. Hayaan nating muling mapasiklab ang pag-asa sa ating kalooban:

Nananawagan kami sa lahat ng mga lider, habang mataimtim naming ipinaaalaala sa aming mga sarili, na huminga ng diwa ng katapatan sa paglilingkod na nakaayon sa Diyos, huminga ng transparency at accountability.

Nananawagan kami sa ating mga kabataan, na ibahagi ang inyong isang balahibo upang maging pakpak para sa isang mas magandang mundo. Manindigan para sa pagbabago at responsableng pamumuno para sa kasalukuyan at hinaharap ng ating bansa.

Nananawagan kami sa ating mga mananampalataya, sa pamahalaan, sa negosyo, sa mga pampubliko o relihiyosong komunidad, na maging saksi sa ating mga Kristiyanong pagpapahalaga at katapatan sa konsensya.

Ang pag-asa ay hindi dapat magpatalo sa takot at kawalan ng pag-asa. Ang kawalan ng pag-asa ay maaaring magparalisa at mag-alipin sa atin. Ngunit ang pag-asa ay nagbibigay sa atin ng tapang at kalayaan. Huwag sana tayong susuko sa isa't isa at sa ating bansa, sapagkat hindi sumusuko ang Diyos sa atin.

May pag-asa! May Pag-Asa! At pinapayuhan tayo ni San Pablo: *"At huwag tayong mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa takdang panahon tayo ay mag-aani kung hindi tayo susuko"* (Galacia 6:9).

Sa espirituwal na rebolusyong ito ng pag-asa, sama-sama tayong maglakbay sa Paglalakbay ng Pag-asa tungo sa Kaharian ng Ama. Ipanalangin natin kasama si Papa Francisco: *"Nawa'y ang iyong biyaya ay magbago sa amin upang maging mga walang kapagurang tagapaghasik ng mga binhi ng Ebanghelyo"* (Papa Francisco, *Panalangin sa Jubileo*).

Ipinagkakatiwala natin ang ating paglalakbay, bilang Sambayanang Pilipino, kasama ang ating mga pagdurusa at mga pangarap sa ating Mapagmahal na Inang Maria, ang Ina ng Pag-asa, upang samahan at gabayan niya tayo habang sinusunod natin ang Landas ni Hesus, ang ating Panginoon. Amen.

Para sa Catholic Bishops' Conference of the Philippines

+PABLO VIRGILIO S. CARDINAL DAVID
Obispo ng Kalookan
Pangulo ng CBCP

Pebrero 2, 2025
Kapistahan ng Paghahandog sa Panginoon

Tandaan po: Mangyaring ipahayag na ang orihinal na bersyon ay makukuha online.